



MGA KARAPATAN NG MGA RESIDENTE NG NURSING HOME¹

¹Tingnan ang 42 CFR §483 para sa kumpletong listahan ng Mga Karapatan ng Mga Residente

May mga karapatan ang mga residente ng mga nursing home na ginagarantiya ng pederal na Batas sa Reporma sa Nursing Home. Inaatasan ng batas ang mga nursing home na “isulong at protektahan ang mga karapatan ng bawat residente” at binibigyang-diin ang indibidwal na dignidad at kalayaan. Isinasama rin ng maraming estado ang mga karapatan ng mga residente sa batas o regulasyon ng estado.



Karapatang Mamuhay nang May Dignidad

- Pakikitunguhan nang may konsiderasyon, paggalang, at dignidad, na kinikilala ang pagiging naiiba ng bawat residente
- Kalayaan mula sa pang-aabuso, pagpapabaya, pagsasamantala, at maling paggamit ng ari-arian
- Kalayaan mula sa mga pisikal o chemical na pagkontrol
- Pinapanatili o pinapahusay ang kalidad ng buhay
- Nagagamit ang mga karapatan nang walang pagkaantala, pamimilit, diskriminasyon, o pagganti
- Isang lugar na tulad ng tahanan, at paggamit ng mga personal na pag-aari kapag posible
- Pantay-pantay na access sa de-kalidad na pangangalaga
- Seguridad ng mga pag-aari



Karapatang Magkaroon ng Kalayaang Magpasya

- Pagpili ng mga aktibidad, iskedyul, pangangalaga sa kalusugan, at mga provider, kasama na ang gumagamot na doktor
- Makatuwirang pagbibigay ng mga pangangailangan at kagustuhan
- Lumahok sa pagpapahusay at pagpapatupad ng plano sa pangangalaga na nakatuon sa isang tao na nagsasama ng mga personal at pangkulturalang kagustuhan
- Pagpili tungkol sa pagtatakda ng kinatawan upang gamitin ang kanyang mga karapatan
- Magsaayos at lumahok sa mga pangkat ng residente at pamilya
- Humiling, tumanggi, at/o maghinto ng panggamot



Karapatang Ganap na Mabigyan ng Impormasyon tungkol sa

- Uri ng pangangalagang ibibigay, at mga panganib at benepisyo ng mga ipinanukalang panggamot
- Mga pagbabago sa plano sa pangangalaga, o sa medikal o pangkalusugang status
- Mga panuntunan at regulasyon, kasama ang isang nakasulat na kopya ng mga karapatan ng mga residente
- Impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa programa ng ombudsman sa pangmatagalang pangangalaga at ahensya ng survey ng estado
- Mga ulat sa survey ng estado at ng plano sa pagwawasto ng pasilidad ng pangangalaga
- Nakasulat na abiso bago ang isang pagbabago sa kwarto o kasama sa kwarto
- Mga abiso at impormasyon sa isang wika o paraang nauunawaan niya (Spanish, Braille, atbp.)



Karapatang Maghain ng Mga Karaingan

- Maghain ng mga karaingan nang walang diskriminasyon o pagganti, o takot dito
- Mga agarang pagsisikap ng pasilidad na lutasin ang mga karaingan, at magbigay ng nakasulat na pasya kapag hiniling
- Maghain ng reklamo sa program ng ombudsman sa pangmatagalang pangangalaga o sa ahensya ng survey ng estado



Karapatan sa Access sa

- Mga indibidwal, serbisyo, miyembro ng komunidad, at aktibidad sa loob at labas ng pasilidad
- Mga bisitang gusto niya, anumang oras, at karapatan na hindi tumanggap ng mga bisita
- Mga personal at medikal na talaan
- Kanyang personal na doktor at mga kinatawan mula sa ahensya ng survey ng estado at program ng ombudsman sa pangmatagalang pangangalaga
- Tulong kung may mga problema sa pandama
- Lumahok sa mga panlipunan, panrelihiyon, at pangkomunidad na aktibidad



Mga Karapatan Patungkol sa Mga Isyu sa Pananalapi

- Pamahalaan ang kanyang mga isyu sa pananalapi
- Impormasyon tungkol sa mga available na serbisyo at mga singilin para sa bawat serbisyo
- Mga personal na pondo na mahigit sa \$100 (\$50 para sa mga residenteng pinopondohan ng Medicaid ang pangangalaga) na idedeposito ng pasilidad sa isang hiwalay na account na may interest, at mga statement ng pananalapi bawat quarter o kapag hiniling
- Hindi sisingilin para sa mga serbisyong saklaw ng Medicaid o Medicare



Karapatan sa Privacy

- Patungkol sa mga personal, pananalapi, at medikal na isyu
- Pribado at hindi pinaghigpitang komunikasyon sa sinumang taong gusto nila
- Sa panahon ng panggagamot at pangangalaga ng mga personal na pangangailangan



Mga Karapatan sa Panahon ng Paglabas sa Pasilidad/Paglipat

- Karapatang iapela ang ipinanukalang paglipat o paglabas sa pasilidad, at hindi palabasin sa pasilidad habang nakabinbin ang apela
- Makatanggap ng 30 araw na nakasulat na abiso tungkol sa paglabas sa pasilidad o paglipat na kinabibilangan ng: dahilan; petsa ng pagkakaroon ng bisa; lokasyong pupuntahan; mga karapatan sa pag-apela at proseso para sa paghahain ng apela; at pangalan at impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa ombudsman ng pangmatagalang pangangalaga
- Paghahanda at oryentasyon upang matiyak ang ligtas at maayos na paglipat o paglabas sa pasilidad
- Abiso tungkol sa karapatan na bumalik sa pasilidad pagkatapos ng pagpapaospital o therapeutic leave

HUMINGI NG TULONG

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa Mga Karapatan ng Mga Residente, o mga tanong o alalahanin, makipag-ugnayan sa iyong Programa ng Ombudsman sa Pangmatagalang Pangangalaga. Isinusulong at pinoprotektahan ng Programa ng Ombudsman sa Pangmatagalang Pangangalaga ang mga karapatan ng mga residente sa mga lisensyadong pasilidad ng pangmatagalang pangangalaga. Bisitahin ang www.theconsumervoice.org para sa higit pang impormasyon.

